ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# AGAPAY: PAGBUO AT EBALWASYON NG MODYUL SA PAGPAPALAWAK NG TALASALITAAN

**Estela D. Antao[1], Erwin R. Bucjan[2]**
[1]*Salvacion National High School, Salvacion, Bayugan City*
[2]*North Eastern Mindanao State University, Tandag City*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra30606
**DOI No: 10.36713/epra30606**

## ABSTRAK

*Nilalayon ng pag-aaral na ito na makabuo at masuri ang isang modyul sa Filipino para sa baitang 10 na nakatuon sa akdang El Filibusterismo na magagamit bilang kagamitan sa pagtuturo at makakatulong sa pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Purposive sampling technique ang ginamit sa pagpili ng mga target na kalahok na binubuo ng mga guro at eksperto, at stratified random sampling naman sa pagpili ng mga 60 kalahok mula sa pampublikong paaralan sa sekondarya ng Bunawan National High School, Agusan del Sur Division, Rehiyon ng Caraga. Batay sa resulta ng pag-aaral, ang AGAPAY na modyul sy sistematiko at naka angkla sa Most Essential Learning Competencies (MELCs) at competency-based curriculum, na gumagamit spiral progression sa paglinang ng pag-unawa at talasalitaan. Nakamit nito ang mataas na balidit sa tatlong aspeto na nagtamo ng interpretasyong "Lubos na Katanggap-tanggap" mula sa mga ekpserto. Ipinapakita rin ang positibong pagtanggap ng mga respondenteng guro at mga mag-aaral at walang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pagtanggap. Sa kabuuan, ANG AGAPAY modyul ay epektibo, maasahan, at kapaki-pakinabang bilang kagamitang panturo sa Filipino na makakatulong sa pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral sa Filipino.*

**MGA SUSING SALITA***: AGAPAY modyul, Talasalitaan, El Filibusterismo, Most Essential Learning Competencies (MELCs), Ebalwasyon ng Modyul*

## INTRODUKSYON

Ang AGAPAY (Araw-araw na Gawain sa Pagpapayaman) ay isang modyul na binuo upang mapalawak ang talasalitaang Filipino ng mga mag-aaral sa Junior High School. Ang bawat pantig ng salitang AGAPAY ay kumakatawan sa layunin ng kagamitang ito bilang isang sistematikong gabay sa paglinang ng bokabularyo sa pamamagitan ng mga araw-araw na gawain at pagsasanay. Ito ay isang *printed* na kagamitan sa pagtuturo na hindi nangangailangan ng teknolohiya o *internet* kaya't maaaring magamit ng lahat ng mag-aaral at guro sa loob ng silid-aralan. Layunin ng modyul na ito na mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa talasalitaan sa Filipino sa pamamagitan ng mga makabuluhang gawain na maaaring gamitin sa loob ng modyul.

Ayon sa mga pag-aaral, mahalaga ang bokabularyo sa pag-unawa at mabisang komunikasyon ng mga mag-aaral. Ipinapakita nina Webb at Nation (2020) na ang lawak at lalim ng bokabularyo ay mahalagang salik sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral na makaunawa ng teksto hindi lamang sa literal na antas kundi maging sa mas mataas na antas ng kritikal na pag-iisip. Dagdag pa rito, binibigyang-diin nina Zhang at Graham (2020) na mas nagiging epektibo ang pagkatuto ng bokabularyo sa pamamagitan ng kontekstwal na paglalantad sa mga salita sa pagbasa. Ipinakita rin nina Lin at Lin (2022) na ang pag-unlad ng bokabularyo ay direktang nakaaapekto sa pag-unawa sa pagbasa at pangkalahatang kasanayan sa wika.

Sa makabagong panahon ng edukasyon, mahalagang mapagyaman ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino, lalo na sa larangan ng talasalitaan. Ang malawak na talasalitaan ay nagsisilbing pundasyon ng mabisang komunikasyon at kritikal na pag-iisip. Sa kabila ng kahalagahan nito, nananatiling suliranin ang limitadong bokabularyo at mababang antas ng pagbasa ng maraming mag-aaral sa *Junior High School* sa Pilipinas. Ayon sa *Phil-IRI Dashboard,* kabilang ang Distrito ng Bunawan sa mga lugar na may mataas na bilang ng mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbasa, partikular sa Bunawan National High School. Isa sa mga pangunahing dahilan nito ay ang kakulangan sa lawak ng bokabularyo na nagiging hadlang sa pag-unawa ng mga teksto at sa epektibong paggamit ng wikang Filipino. Bagama't may mga pag-aaral na tungkol sa bokabularyo, nananatili pa ring limitado ang mga pananaliksik na nakatuon sa pagbuo at ebalwasyon ng mga modyul na partikular na naglalayong palawakin ang talasalitaang Filipino ng mga mag-aaral sa Grade 10 ng nasabing paaralan. Ang kakulangang ito ang nagsilbing batayan sa pagbuo ng AGAPAY modyul bilang tugon sa pangangailangang pang-edukasyon.

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sapagkat layunin nitong makabuo ng isang angkop na kagamitang pampagtuturo na makatutulong sa pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga gawain sa AGAPAY modyul, inaasahang mapapaunlad ang kanilang bokabularyo, pag-unawa sa teksto, at kasanayan sa komunikasyon. Maaari rin itong magsilbing karagdagang materyal sa pagtuturo hindi lamang sa Bunawan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

National High School kundi maging sa iba pang paaralan na may katulad na pangangailangan. Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay naglalayong makatulong sa pagpapaunlad ng kasanayan sa wikang Filipino at sa pagtugon sa sulira

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay ang pagbuo at balidasyon ng AGAPAY modyul tungo sa pagpapaunlad ng talasalitaang Filipino ng mga mag-aaral sa ika-sampung baitang ng Bunawan National High School.

Partikular na sasagutin ng pananaliksik ang mga sumusunod na katanungan.

1. Ano ano ang mga nakapaloob sa AGAPAY modyul ayon sa paksa at gawain ?
2. Ano ang antas ng baliditi ng AGAPAY modyul batay sa mga eksperto ayon sa wika, nilalaman at disenyo ?
3. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga respondenteng guro at mag-aaral sa AGAPAY modyul batay wika, nilalaman at disenyo ?
4. Anong makabuluhang pagkakaiba ng pagtanggap ng mga guro at mga mag-aaral sa AGAPAY modyul ?
5. Anong pinagyamang kagamitan ang mabubuo batay sa resulta ng pananaliksik?

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng desinyong Kwantitatib at Deskriptib. Ayon kay Creswell (2014), ang Kwantitatibong pananaliksik ay nakatuon sa eksaktong pagsusukat ng datos upang makabuo ng obhetibong resulta. Sa pamamagitan ng estadistika, maaaring tukuyin kung may makabuluhang epekto ang interbensyon tulad ng paggamit ng modyul sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Samantala, ang Deskriptibong disenyo ay ginagamit upang mailarawan at masuri ang kasalukuyang kalagayan ng mga mag-aaral batay sa nakalap na datos. Angkop ito sa pag-aaral sapagkat inilalarawan nito ang antas ng talasalitaan ng mga mag-aaral at ang kanilang pagganap pagkatapos gamitin ang AGAPAY na modyul.

Isinagawa ang pag-aaral sa pampublikong paaralan sa sekondarya ng Bunawan National High School sa Dibisyon ng Agusan del Sur na may pitumpung (70) respondente na binubuo ng animnapung (60) mag-aaral, limang (5) guro, at limang (5) eksperto. Gumamit ng *stratified random sampling* upang matiyak ang representasyon ng bawat seksyon, *purposive sampling technique* sa pagpili ng mga guro na kalahok sa pag-aaral at sa pagpili ng mga eksperto na magbabalida sa AGAPAY na modyul.

Kabilang sa mga instrumento ang talatanungan, at AGAPAY na modyul bilang pangunahing mga instrumento. Ang mga instrumentong ito ay nagsilbing mahalagang kasangkapan sa pangangalap ng datos upang matugunan ang layunin ng pag-aaral. Gumamit ang mananaliksik ng *Evaluation Tool* o talatanungan para sa mga mag-aaral, guro at eksperto upang masukat ang antas ng balidasyon at kanilang pagtanggap sa AGAPAY na modyul. Ang nasabing talatanungan ay ibinatay sa *Learning Resource (LR) Evaluation Tool ng Department of Education (DepEd) Learning Resources Management and Development System (LRMDS*).

Sa pagsusuri ng mga datos na nakalap, gumamit ang mananaliksik ng *descriptive at inferential statistics*. Para sa bawat dimensyon ng baliditi (wika, nilalaman, desinyo) at pagtanggap ng modyul, kinuha ang *mean* at *standard deviation* upang makita ang karaniwang antas at pagkakaiba ng tugon ng mga piling mag-aaral na kalahok sa tugon ng mga piling guro sa Filipino na kalahok. Upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa modyul, gumamit *ng two-sample t-test* para sa mga datos na sumusunod sa normal na *distribution*, at ang *Mann-Whitney U Test* para sa mga datos na hindi normal ang distribusyon. Ang lahat ng pagsusuri ay isinagawa sa antas ng kahalagahan na ($\alpha$) na 0.05.

## RESULTA AT DISKUSYON

Sa bahaging ito, inilahad ang mga resulta sa pamamagitan ng mga talahanayan upang maging malinaw at sistematiko ang presentasyon ng datos. Bawat talahanayan ay sinamahan ng maikling talakayan upang maipaliwanag ang kahulugan at implikasyon ng mga natuklasan sa pag-aaral.

**A. Mga Paksa at Gawain Nakapaloob sa AGAPAY na Modyul**

**Talahanayan 1.** ***Mga Paksa at Gawain Nakapaloob sa AGAPAY na Modyul***

| Linggo | Paksa | Mga Gawain |
|---|---|---|
| Linggo 1 | Ang Kaligirang Pangkasaysayan ng El Filibusterismo | Anim (6) na *checkpoint* na binubuo ng 9 na gawain (Isip Talas, Hanap Salita, Salita Mission, Punan ang Patlang, Ayusin mo Ako, Buuin mo, Talasalitaan sa Aksyon at Word Hunt sa Bahay) |
| Linggo 2 | Mga Tauhan at ang Kanilang mga Katangian | Anim (6) na *checkpoint* na binubuo ng 10 na gawain (Balikan Natin, Sino Ako ?, Tukuyin Mo!, Hanapin mo ang Kasing kahulugan ko, Tukuyin Mo,Tuklasin ang Kahulugan, Talasalitaang Kwento,Gawin mo, at Hardin ng Talasalitaan) |
| Linggo 3 | Mga Lugar at Panahon sa Nobela | Anim (6) na *checkpoint* na binubuo ng 10 na gawain (Hamon sa Talas ng Isip, Tugma Salita, Sulyap sa Nakaraan, Isipin mo kung ano ako, Tagpuan at Tauhan Challenge, Tuklas salita na Aksyon, RolePlay Mission, at Hero`s Repleksyon) |
| Linggo 4 | Mga Pangunahing Tema at Isyu sa El Filibusterismo | Anim (6) na *checkpoint* na binubuo ng 10 na gawain (Balik Tanaw Blitz, Salitang Hanap Susi, Bugtong ng Kahulugan, Iugnay mo kung ano ako, Kahon ng Konteksto, Salita sa Larawan, Hamon ng Pagsasalin, Salitang Sandata, at Hamon ng Filibustero. |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ipinakita ng datos na ang AGAPAY modyul ay sistematikong inorganisa sa apat (4) na linggo na sumasaklaw sa mga paksa ng El Filibusterismo. Bawat linggo ay may tiyak na layunin na nakabatay sa *Most Essential Learning Competencies (MELCs)* at mga gawaing nakatuon sa paglinang ng pag-unawa at pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang pagkakasunod-sunod ng mga aralin mula sa kaligirang pangkasaysayan hanggang sa mga tauhan, tagpuan, at tema ay nagpapakita ng progresibong pagkatuto. Bukod dito, ang pagkakaroon ng anim (6) na checkpoint at siyam (9) na gawain ay umaayon sa prinsipyo *ng mastery learning*, kung saan kinakailangang maipakita muna ng mga mag-aaral ang kahusayan bago magpatuloy sa susunod na gawain (Guskey, 2021).

Ipinakikita rin ng disenyo ng modyul ang paglalapat ng iba't ibang teoryang pang-edukasyon. Ang mga layunin at gawain na nakabatay sa MELCs ay nagpapakita ng *Competency-Based Learning Approach,* samantalang ang paggamit ng kaligirang pangkasaysayan bilang panimulang aralin ay umaayon sa *Constructivist Theory ni Bruner.* Ang progresibong pagtalakay sa mga elemento ng akda ay nagpapakita ng *Spiral Curriculum Theory*, habang ang mga *checkpoint* at magkakaugnay na gawain ay nagpapakita ng prinsipyo ng *Mastery Learning*. Sa kabuuan, ang AGAPAY modyul ay may sistematikong disenyo na nakatuon sa paglinang ng mga kasanayan at pagtiyak sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

**B. Antas ng Balidit ng AGAPAY Modyul Batay sa mga Eksperto**

**Talahanayan 2.** ***Antas ng Balidit ng AGAPAY Modyul Batay sa mga Eksperto Kaugnay sa Wika***

| Mga Pamantayan | Katamtaman (mean) | Pamantayang Paglihis (standard deviation) | Interpretasyong Berbal (Verbal Interpretation) |
|---|---|---|---|
| 1. Ang wikang ginamit ay malinaw at madaling maunawaan | 3.40 | 0.894 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 2. Wasto ang gramatika at baybay ng mga salita. | 2.80 | 0.837 | Katanggap-tanggap |
| 3. Malinaw at madaling sundin ang mga panuto | 3.20 | 0.837 | Katanggap-tanggap |
| 4. Ang bokabularyo ay angkop sa antas ng mga mag-aaral. | 3.60 | 0.548 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| **Katamtamang Marka (Overall Mean )** | **3.25** | **0.779** | **Lubhang Katanggap-tanggap** |

Batay sa Talahanayan 2, nakapagtala ang AGAPAY na modyul ng kabuuang *mean* na 3.25 (SD = 0.779), na may interpretasyong "Lubhang Katanggap-tanggap." Ipinahihiwatig nito
na mataas ang antas ng balidit ng nilalaman ng modyul ayon sa pagsusuri ng mga eksperto. Bagama't may bahagyang pagkakaiba sa kanilang pagtataya, nananatiling positibo ang kabuuang ebalwasyon.

Sa bawat pamantayan, ang "Ang wikang ginamit ay malinaw at madaling maunawaan" ay nakakuha ng *mean* na 3.40 (SD = 0.894), samantalang ang "Wasto ang gramatika at baybay ng mga salita" ay may *mean* na 2.80 (SD = 0.837), na nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa ilang rebisyon. Ang "Malinaw at madaling sundin ang mga panuto" ay nagtala ng *mean* na 3.20 (SD = 0.837), habang ang "Ang bokabularyo ay angkop sa antas ng mga mag-aaral" ang nakapagtala ng pinakamataas na mean na 3.60 (SD = 0.548). Sa kabuuan, nagpapakita ang mga resulta na ang AGAPAY na modyul ay may mataas na antas ng katanggap-tanggap at angkop sa paglinang ng talasalitaang Filipino ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 3.** ***Antas ng Balidit ng AGAPAY Modyul Ayon sa mga Eksperto Kaugnay sa Nilalaman.***

| Mga Pamantayan | Katamtaman (mean) | Pamantayang Paglihis (standard deviation) | Interpretasyong Berbal (Verbal Interpretation) |
|---|---|---|---|
| 1. Ang mga layunin ay malinaw at nakaayon sa MELCS | 3.80 | 0.447 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 2. Ang nilalaman ay wasto at walang maling konsepto | 3.20 | 1.095 | Katanggap-tanggap |
| 3. Ang mga paksa ay angkop sa antas ng mga mag-aaral. | 3.60 | 0.548 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 4. Ang mga gawain ay sumusuporta sa layunin ng pag-aaral | 3.40 | 0.894 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| **Katamtamang Marka (Overall Mean )** | **3.50** | **0.746** | **Lubhang Katanggap-tanggap** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Batay sa pagsusuri, nagtala ang AGAPAY na modyul ng kabuuang *mean* na 3.50 (SD = 0.746) na may interpretasyong "Lubhang Katanggap-Tanggap," na nagpapahiwatig ng mataas na antas ng baliditi bilang kagamitang panturo sa pagpapalawak ng talasalitaang Filipino. Ipinakikita rin nito na maayos ang pagkakaayon ng mga layunin, nilalaman, paksa, at mga gawain sa inaasahang *learning outcomes.*

Sa bawat pamantayan, ang "Ang mga layunin ay malinaw at nakaayon sa MELCs" ay nakakuha ng pinakamataas na *mean* na 3.80 (SD = 0.447), na sinusundan ng "Ang mga paksa ay angkop sa antas ng mga mag-aaral" na may *mean* na 3.60 (SD = 0.548). Samantala, ang "Ang mga gawain ay sumusuporta sa layunin ng pagkatuto" ay nagtala ng *mean* na 3.40 (SD = 0.894), habang ang "Ang nilalaman ay wasto at walang maling konsepto" ay nakakuha ng *mean* na 3.20 (SD = 1.095), na nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa ilang rebisyon at paglilinaw. Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na ang AGAPAY na modyul ay nakaangkla sa mga prinsipyo ng kurikulum *alignment* at *learner-centered instruction*, na sumusuporta sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 4.** ***Antas ng Baliditi ng AGAPAY Modyul Batay sa mga Eksperto Kaugnay sa Disenyo***

| Mga Pamantayan | Katamtaman (mean) | Pamantayang Paglihis (standard deviation) | Interpretasyong Berbal (Verbal Interpretation) |
|---|---|---|---|
| 1. Maayos ang pagkakaayos ng mga bahagi ng modyul. | 3.40 | 0.894 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 2. Ang mga larawan o grapika ay nakatutulong sa pagkatuto | 3.20 | 0.837 | Katanggap-tanggap |
| 3. Ang laki ng letra at espasyo ay madaling basahin | 3.40 | 0.548 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 4. Ang pagkakasunod-sunod ng mga Gawain ay malinaw | 3.60 | 0.548 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| **Katamtamang Marka (Overall Mean )** | **3.40** | **0.707** | **Lubhang Katanggap-tanggap** |

Ipinapakita sa Talahanayan 4 na ang kabuuang *mean* ay 3.40 (SD = 0.707) na may interpretasyong "Lubhang Katanggap-Tanggap," na nangangahulugang ang AGAPAY na modyul ay may mataas na antas ng kalidad sa disenyo at organisasyon. Ipinahihiwatig nito na epektibo ang modyul sa pagsuporta sa pagkatuto ng mga mag-aaral, partikular sa pagpapayaman ng talasalitaan sa Filipino, sa pamamagitan ng maayos na presentasyon at daloy ng mga aralin. Sa mga indibidwal na pamantayan, ang estruktura ng modyul (M = 3.40, SD = 0.894), *readability* ng teksto (M = 3.40, SD = 0.548), at lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga gawain (M = 3.60, SD = 0.548) ay kapwa nakakuha ng interpretasyong "Lubhang Katanggap-Tanggap," na nagpapakita ng sistematiko at malinaw na disenyo ng materyal.

Samantala, ang paggamit ng mga larawan o grapika (M = 3.20, SD = 0.837) ay "Katanggap-Tanggap," na nagpapahiwatig na bagama't nakatutulong sa pagkatuto, kinakailangan pa ang karagdagang pagpapahusay sa *visual elements.* Sa kabuuan, ang AGAPAY na modyul ay nagpapakita ng matibay na disenyo at organisasyon bilang kagamitang panturo. Gayunpaman, iminumungkahi ang higit pang pagpapaunlad sa integrasyon ng biswal na elemento upang higit pang mapataas ang bisa nito sa karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

**C. Ang Antas ng Pagtanggap ng mga Respondenteng Guro sa AGAPAY Modyul**

**Talahanayan 5.** ***Antas ng Pagtanggap ng AGAPAY Modyul Batay sa mga Respondenteng Guro kaugnay sa Wika***

| Mga Pamantayan | Katamtaman (mean) | Pamantayang Paglihis (standard deviation) | Interpretasong Berbal (Verbal Interpretation) |
|---|---|---|---|
| 1. Madaling maintindihan ang wikang ginamit sa modyul. | 4.00 | 0.00 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 2. Malinaw ang pagkakasulat ng mga salita at pangungusap | 4.00 | 0.00 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 3. Madaling sundin ang mga panuto sa bawat gawain | 3.80 | 0.45 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 4. Ang bokabularyo ay angkop sa antas ng mga mag-aaral. | 4.00 | 0.00 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| **Katamtamang Marka (Overall Mean )** | **3.95** | **0.112** | **Lubhang Katanggap-tanggap** |

Ipinapakita ng datos ang pangkalahatang *mean* na 3.95 at *standard deviation* na 0.112 na may interpretasyong "Lubhang Katanggap-Tanggap," na nangangahulugang mataas ang pagtanggap sa aspektong pangwika ng AGAPAY na modyul ayon sa mga guro. Ang mababang *standard deviation* ay nagpapakita ng magkakatulad na ebalwasyon, na sumasalamin sa mataas na antas ng pagkakasundo ng mga tagasuri.

Ipinahihiwatig din ng resulta na ang wikang Filipino na ginamit sa modyul ay wasto sa gramatika, malinaw, at organisado sa pagpapahayag ng mga konsepto. Dahil dito, mas nagiging madali para sa mga mag-aaral ang pag-unawa sa mga aralin at nababawasan ang kalituhan sa pagkatuto. Nakatutulong din ito sa mas epektibong pagproseso ng impormasyon sa loob ng klase. Sa kabuuan, ang mataas na marka sa aspektong pangwika ay nagpapakita na ang AGAPAY na modyul ay isang epektibong kagamitang panturo na hindi lamang nagbibigay ng wastong nilalaman kundi nagpapaunlad din ng kasanayang pangwika at pagkat.

**Talahanayan 6.** ***Antas ng Pagtanggap ng AGAPAY Modyul Ayon sa mga Guro Kaugnay sa Nilalaman.***

| Mga Pamantayan | Katamtaman (mean) | Pamantayang Paglihis (standard deviation) | Interpretasyong Berbal (Verbal Interpretation) |
|---|---|---|---|
| 1. Malinaw ang layunin ng bawat aralin | 4.00 | 0.000 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 2. Madaling maunawaan ang mga paksa na ipinaliwanag sa modyul | 4.00 | 0.000 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 3. Ang mga paksa ay angkop sa antas ng mga mag-aaral sa baitang 10 | 4.00 | 0.000 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 4. Ang mga gawain sa modyul ay nakatutulong upang mas maintindihan ang aralin | 4.00 | 0.000 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| **Katamtamang Marka (Overall Mean )** | **4.00** | **0.000** | **Lubhang Katanggap-tanggap** |

Mapapansin sa Talahanayan 6 na ang kabuuang *mean* ay 4.00 at *standard deviation* na 0.000 na may interpretasyong "Lubhang Katanggap-Tanggap," na nagpapahiwatig ng pinakamataas na antas ng pagtanggap sa aspektong pangnilalaman ayon sa mga guro. Ipinapakita nito na ang mga layunin, paksa, at gawain sa AGAPAY na modyul ay ganap na nakaayon sa pamantayan ng kurikulum at angkop sa antas ng mga mag-aaral.

Ang resulta ay sumasalamin na ang nilalaman ng modyul ay malinaw, organisado, at tama sa aspektong akademiko, kaya mas napapadali ang pag-unawa at nagiging mas makabuluhan ang pagkatuto. Ang perpektong marka ay nagpapakita rin na walang natukoy na kahinaan sa nilalaman, na nagpapatunay ng mataas na kalidad ng pagkakabuo nito bilang kagamitang panturo. Samantala, ang *standard deviation* na 0.000 ay nagpapahiwatig ng ganap na pagkakaisa ng mga guro sa kanilang ebalwasyon.

Sa kabuuan, ang AGAPAY na modyul ay lubos na katanggap-tanggap sa aspektong pangnilalaman at maituturing na maaasahang kagamitang panturo dahil sa wastong, angkop, at dekalidad na nilalaman nito.

**Talahanayan 7.** ***Antas ng Pagtanggap ng AGAPAY Modyul Ayon sa mga Guro Kaugnay sa Disenyo***

| Mga Pamantayan | Katamtaman (mean) | Pamantayang Paglihis (standard deviation) | Interpretasyong Berbal (Verbal Interpretation) |
|---|---|---|---|
| 1. Maayos ang pagkakaayos ng mga bahagi ng modyul | 4.00 | 0.000 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 2. Ang mga larawan o grapika ay nakatutulong sa pag-unawa sa aralin | 4.00 | 0.000 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 3. Malinaw at madaling basahin ang laki ng mga letra | 4.00 | 0.000 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 4. Malinaw ang pagkakasunod-sunod ng gawain | 4.00 | 0.000 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| **Katamtamang Marka (Overall Mean )** | **4.00** | **0.000** | **Lubhang Katanggap-tanggap** |

Mula sa mga resulta, lumitaw na ang kabuuang *mean* ay 4.00 na may *standard deviation* na 0.000, na may interpretasyong "Lubhang Katanggap-Tanggap." Ipinapahiwatig nito na ang disenyo ng AGAPAY na modyul ay nasa napakataas na antas ng kalidad sa usapin ng pagkakaorganisa, kalinawan, at kabuuang presentasyon. Lahat ng pamantayang sinuri ay nakakuha ng perpektong marka, kabilang ang kaayusan ng mga bahagi, bisa ng mga grapika, linaw ng teksto, at lohikal na daloy ng mga gawain.

Ang kinalabasan ay nagpapakita na ang mahusay na disenyo ng modyul ay nakatutulong sa mas madaling pag-unawa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbawas ng hindi kinakailangang *cognitive load,* kaya mas napagtutuunan ang pagkatuto kaysa sa pagproseso ng disenyo. Ang malinaw at sistematikong presentasyon ng nilalaman ay nagpapahusay din ng *engagement* at daloy ng pagkatuto, na ginagawang mas epektibo ang modyul bilang kagamitang panturo. Ang mataas na *mean* na 4.00 (SD = 0.000) ay sumusuporta sa mga teorya nina Mayer at Fiorella (2021), Kalyuga (2020), at Fiorella at Mayer (2022) na binibigyang-diin ang papel ng maayos na multimedia design sa pagpapalakas ng pag-unawa sa pamamagitan ng balanseng integrasyon ng biswal at teksto at pagbawas ng *cognitive load.*

**D. Ang Antas ng Pagtanggap ng mga Respondenteng Mag-aaral sa AGAPAY Modyul**

**Talahanayan 8.** ***Antas ng Pagtanggap ng AGAPAY Modyul Batay sa mga Mag-aaral Kaugnay sa Wika***

| Mga Pamantayan | Katamtaman (mean) | Pamantayang Paglihis (standard deviation) | Interpretasyong Berbal (Verbal Interpretation) |
|---|---|---|---|
| 1. Madaling maintindihan ang wikang ginamit sa modyul. | 3.57 | 0.662 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 2. Malinaw ang pagkakasulat ng mga salita at pangungusap. | 3.70 | 0.470 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 3. Madaling sundin ang mga panuto sa bawat gawain. | 3.65 | 0.647 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 4. Ang mga salitang ginamit ay angkop sa aming antas bilang mag-aaral. | 3.70 | 0.470 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| **Katamtamang Marka (Overall Mean )** | **3.65** | **0.563** | **Lubhang Katanggap-tanggap** |

Napag-alaman na ang kabuuang *mean* ay 3.65 (SD = 0.563) na may interpretasyong "Lubhang Katanggap-Tanggap," na nagpapahiwatig ng mataas na antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa AGAPAY na modyul sa aspektong pangwika. Ipinapakita nito na ang wikang ginamit ay malinaw, angkop, at epektibo sa pagpapadali ng pagkatuto, na may konsistent na pananaw ng mga mag-aaral batay sa mababang *standard deviation.*

Sa partikular, ang mga sumusunod na pamantayan ay nagpakita ng positibong resulta: (1) "Madaling maintindihan ang wikang ginamit sa modyul" (M = 3.57, SD = 0.662), na nagpapahiwatig ng malinaw at kontekstuwal na pagpapaliwanag ng mga konsepto; (2) "Malinaw ang pagkakasulat ng mga salita at pangungusap" (M = 3.70, SD = 0.470), na nagpapakita ng maayos at organisadong estruktura ng teksto; (3) "Madaling sundin ang mga panuto sa bawat gawain" (M = 3.65, SD = 0.647), na nagsasaad ng praktikal at malinaw na instruksyon; at (4) "Ang mga salitang ginamit ay angkop sa aming antas bilang mag-aaral" (M = 3.70, SD = 0.470), na nagpapakita ng wastong antas ng bokabularyo para sa mga mag-aaral. Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang AGAPAY na modyul ay may *learner-centered* na disenyo na epektibo sa pagpapahusay ng pag-unawa at pagkatuto sa pamamagitan ng malinaw, organisado, at angkop na paggamit ng wika.

**Talahanayan 9.** ***Antas ng Pagtanggap ng AGAPAY Modyul Batay sa mga Mag-aaral Kaugnay sa Nilalaman***

| Mga Pamantayan | Katamtaman (mean) | Pamantayang Paglihis (standard deviation) | Interpretasyong Berbal (Verbal Interpretation) |
|---|---|---|---|
| 1. Malinaw ang layunin ng bawat aralin. | 3.61 | 0.583 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 2. Madaling maunawaan ang mga paksa na ipinaliwanag sa modyul. | 3.22 | 0.736 | Katanggap-tanggap |
| 3. Ang mga paksa ay angkop sa antas bilang mag-aaral sa Baitang 10. | 3.70 | 0.559 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 4. Ang mga gawain sa modyul ay nakatutulong upang mas maintindihan ang aralin. | 3.83 | 0.388 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| **Katamtamang Marka (Overall Mean )** | **3.59** | **0.566** | **Lubhang Katanggap-tanggap** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Inilahad sa talahanayan na ang kabuuang *mean* ay 3.59 (SD = 0.566) na may interpretasyong "Lubhang Katanggap-Tanggap," na nagpapahiwatig ng mataas na kalidad ng nilalaman ng AGAPAY na modyul batay sa pananaw ng mga mag-aaral. Sa mga tiyak na pamantayan, lumabas na: (1) "Malinaw ang layunin ng bawat aralin" (M = 3.61, SD = 0.583), na nagpapakita ng malinaw na *instructional direction*; (2) "Madaling maunawaan ang mga paksa" (M = 3.22, SD = 0.736), na may interpretasyong "Katanggap-Tanggap," na nagpapahiwatig na may ilang bahaging nangangailangan pa ng paglilinaw; (3) "Ang mga paksa ay angkop sa antas ng Baitang 10" (M = 3.70, SD = 0.559), na nagsasaad ng angkop na antas ng kahirapan; at (4) "Ang mga gawain sa modyul ay nakatutulong sa pag-unawa" (M = 3.83, SD = 0.388), na may pinakamataas na marka at nagpapakita ng mataas na bisa ng mga gawain sa pagpapalalim ng pagkatuto.

Ipinapakita ng resulta na ang AGAPAY na modyul ay epektibo at *learner-centered* sa aspektong pangnilalaman, na may malinaw na layunin, angkop na antas ng paksa, at makabuluhang mga gawain. Gayunpaman, ang bahagyang mas mababang marka sa kalinawan ng ilang paksa ay nagpapahiwatig ng pangangailangan ng dagdag na pagpapasimple at *scaffolding* upang higit pang mapahusay ang pag-unawa ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 10.** ***Antas ng Pagtanggap ng AGAPAY Modyul Batay sa mga Mag-aaral Kaugnay sa Desinyo***

| **Mga Pamantayan** | **Katamtaman (mean)** | **Pamantayang Paglihis (standard deviation)** | **Interpretasyong Berbal (Verbal Interpretation)** |
|---|---|---|---|
| 1. Maayos ang pagkakaayos ng mga bahagi ng modyul. | 3.74 | 0.449 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 2. Ang mga larawan o grapika ay nakatutulong sa pag-unawa sa aralin | 3.78 | 0.422 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 3. Malinaw at madaling basahin ang laki ng mga letra. | 3.57 | 0.590 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 4. Malinaw ang pagkakasunod-sunod ng mga gawain. | 3.83 | 0.388 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| **Katamtamang Marka (Overall Mean )** | **3.73** | **0.462** | **Lubhang Katanggap-tanggap** |

Mababatid sa talahanayan na ang kabuuang *mean* ay 3.73 (SD = 0.462) na may interpretasyong "Lubhang Katanggap-Tanggap," na nagpapahiwatig ng mataas na kalidad ng disenyo ng AGAPAY na modyul batay sa pananaw ng mga mag-aaral. Sa mga tiyak na pamantayan, lumabas na: (1) "Maayos ang pagkakaayos ng mga bahagi ng modyul" (M = 3.74, SD = 0.449), na nagpapakita ng malinaw at organisadong estruktura; (2) "Ang mga larawan o grapika ay nakatutulong sa pag-unawa" (M = 3.78, SD = 0.422), na nagsasaad ng mahalagang ambag ng biswal na elemento sa pag-unawa at retention ng impormasyon; (3) "Malinaw at madaling basahin ang laki ng mga letra" (M = 3.57, SD = 0.590), na nagpapakita ng bahagyang pagkakaiba-iba ng persepsyon ng mga mag-aaral sa *readability;* at (4) "Malinaw ang pagkakasunod-sunod ng mga gawain" (M = 3.83), na may pinakamataas na marka at nagpapakita ng lohikal at epektibong *instructional flow.*

Ipinapakita ng resulta na ang AGAPAY na modyul ay may mataas na antas ng kalidad sa aspeto ng disenyo. Ang organisadong pagkakaayos, epektibong paggamit ng grapika, sapat na *readability,* at malinaw na daloy ng mga gawain ay nagpapakita na ito ay isang epektibong kagamitang panturo na nakatutulong sa pagpapadali ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

**D. Ang Makabuluhang Pagkakaiba ng Pagtanggap ng mga Guro at mga Mag-aaral**

**Talahanay 11.** ***Makabuluhang Pagkakaiba sa Pagitan ng Pagtanggap ng mga Guro at mga Mag-aaral***

| **Uri ng Respondente** | **Mean** | **t-value** | **Df** | **p-value** | **Interpretasyong Berbal** |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mag-aaral (n=60)** | **44.17** | | | | |
| **Guro (n=5)** | **40.60** | **1.021** | **4.16** | **0.363** | **Walang makabuluhang pagkakaiba** |

*Level of significance:* $\alpha = 0.05$

Batay sa resulta sa Talahanayan 11, lumabas na ang mga mag-aaral ay may *mean* na 44.17 samantalang ang mga guro ay 40.60, na nagpapahiwatig ng bahagyang mas mataas na pagtanggap mula sa mga mag-aaral. Gayunpaman, ang pagkakaibang ito ay hindi makabuluhan sa estadistikal na pagsusuri, batay sa *t-value* na 1.021 at *p-value* na 0.363 ($p > 0.05$). Ipinapahiwatig nito na ang *observed difference* ay maaaring dahil lamang sa *sampling variability* at hindi sa tunay na pagkakaiba ng persepsyon ng dalawang grupo. Dahil dito, hindi tinanggihan ang *null hypothesis,* na nangangahulugang walang sapat na ebidensya upang sabihing may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa AGAPAY na modyul.

Sa konteksto ng *educational evaluation,* ipinapakita nito na ang modyul ay katanggap-tanggap sa parehong grupo ng mga gumagamit, na indikasyon ng angkop na disenyo, nilalaman, at implementasyon nito sa aktwal na pangangailangan sa pagtuturo

at pagkatuto. Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang mga guro at mag-aaral ay may magkakatulad na persepsyon sa bisa at katanggap-tanggap na disenyo ng AGAPAY na modyul, na sumusuporta sa pangkalahatang acceptability nito bilang kagamitang panturo.

**E. Pinagyamang Kagamitang Nabuo Batay sa Resulta ng Pananaliksik**

Batay sa resulta ng pananaliksik, nabuo ang pinagyamang AGAPAY na modyul sa Filipino para sa Baitang 10 na idinisenyo para sa apat (4) na linggo ng pagkatuto. Ito ay sumailalim sa balidasyon ng mga eksperto sa wika, nilalaman, at disenyo at nakatanggap ng kabuuang interpretasyong "Lubhang Katanggap-Tanggap." Gayunpaman, isinagawa ang pagpapayaman batay sa mga aspetong nangangailangan ng pagpapabuti mula sa resulta ng mga guro at mag-aaral.

Ipinapakita ng resulta na ang modyul ay nakatutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa organisasyon, kalinawan, at accessibility, na nakatutulong sa pag-unawa at paglinang ng talasalitaan. Ang mga bahaging may mas mababang marka ang naging batayan ng rebisyon upang mas mapaunlad pa ang kalidad ng modyul. Sa kabuuan, ang pinagyamang AGAPAY na modyul ay produkto ng sistematikong pagsusuri, balidasyon, at rebisyon, na layuning mapahusay ang pagtuturo at pagkatuto sa Filipino. Inaasahang magsisilbi itong epektibong kagamitang panturo para sa mga guro at mag-aaral sa Baitang 10.

## KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng kasanayan sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 7, kabilang ang pagtukoy sa kanilang mga karaniwang pagkakamali at mga hamong kinakaharap sa proseso ng pagsusulat, gayundin ang pagbuo ng isang dihital at kontekstwalisadong kagamitang panturo bilang tugon sa mga natukoy na pangangailangan.

Natuklasan sa pag-aaral na ang AGAPAY Modyul ay isang sistematiko at organisadong kagamitang pampagkatuto na nakaangkla sa *Most Essential Learning Competencies (MELCs*) at *competency-based curriculum.* Taglay nito ang mga paksang may kaugnayan sa El Filibusterismo at mga gawaing pampagkatuto na nakatutulong sa pagpapaunlad ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Ipinakita rin ng resulta ng ebalwasyon ng mga eksperto na ang modyul ay may mataas na antas ng balididiti sa aspektong wika, nilalaman, at disenyo. Gayundin, nakatanggap ito ng "Lubhang Katanggap-tanggap" na antas ng pagtanggap mula sa mga guro at mag-aaral. Bagama't bahagyang mas mataas ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral kaysa sa mga guro, walang makabuluhang pagkakaiba ang natukoy sa pagitan ng dalawang pangkat. Ang mga puna at mungkahi ng mga respondente ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng pinagyamang AGAPAY Modyul bilang karagdagang kagamitang pampagkatuto sa pagtuturo ng El Filibusterismo. Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda ang paggamit ng AGAPAY Modyul bilang karagdagang kagamitang panturo sa Filipino sa Baitang 10. Inirerekomenda rin ang patuloy na pagpapahusay ng nilalaman, wika, at disenyo nito upang mapanatili ang kalidad at pagiging angkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Hinihikayat din ang mga susunod na mananaliksik na magsagawa ng mga kaugnay na pag-aaral upang higit pang mapagtibay ang bisa ng modyul sa iba't ibang konteksto ng pagkatuto

## MGA REFERENSIYA

1. *Bruner, J. S. (1960). The process of education. Harvard University Press.*
2. *Creswell, J. W. (2014). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (4th ed.). SAGE Publications.*
3. *Department of Education. (2022). Most Essential Learning Competencies (MELCs) and learner-centered teaching guidelines. DepEd Philippines.*
4. *Deped. (2017). The learning action cell as a K to 12 basic education program school-based continuing professional development strategy for the improvement of teaching and learning. https://www.deped.gov.ph/2016/06/07/do-35-s-2016*
5. *DO 14, S. (2018) -Policy on the administration of the revised Philippine Informal Informal Reading Inventory. https://www.deped.gov.ph/2018/03/26/do-14-s-2018*
6. *Fiorella, L., & Mayer, R. E. (2021). Learning as a generative activity. Cambridge University Press.*
7. *Fiorella, L., & Mayer, R. E. (2022). The Cambridge handbook of multimedia learning (3rd ed.). Cambridge University Press.*
8. *Graham, S., Kiuhara, S., & MacKay, M. (2020). The effects of writing instruction on learning. *Journal of Educational Psychology https://share.google/SnMdxuKrN8wizzA2B*
9. *Guskey, T. R. (2021). Mastery learning and instructional effectiveness. In S. Graham et al. (Eds.), APA educational psychology handbook (Vol. 3). American Psychological Association.*
10. *Kalyuga, S. (2020). Cognitive load theory: A special issue. Educational Psychology Review.*
11. *Lin, C. H. & Lin, H. J. (2022). Vocabulary knowledge and reading comprehension development in second language learning. System, 105, 102753.*
12. *Webb, S., & Nation, I. S. P. (2021). How vocabulary is learned. Oxford University Press.*